Estado ng Illinois

Department of Employment Security

# Handbook sa Mga Benepisyo sa Insurance sa Kawalan ng Trabaho [Unemployment Insurance]




IDES

ILLINOIS DEPARTMENT OF EMPLOYMENT SECURITY

Introduksyon ..... 3
Saan Mahahanap ang Mga Serbisyo ng IDES ..... 3
Protektahan ang Iyong Mga Benepisyo ..... 3
Benepisyo sa Insurance sa Kawalan ng Trabaho *[Unemployment Insurance]* ..... 4
Naka-insure na Trabaho ..... 4
Hindi Naka-insure na Trabaho ..... 5
Kwalipikado Ka ba para sa Mga Benepisyo? ..... 5
Kailan at Saan Maghahain ..... 8
Impormasyong Kailangan para Maghain para sa Mga Benepisyo ..... 9
Ano ang Ibig Sabihin ng "Kaya at Maaaring Magtrabaho" ..... 10
Aktibong Naghahanap ng Trabaho ..... 10
Paghayag sa mga Bata bilang Mga Dependiyente ..... 11
Paghayag sa Asawa bilang isang Dependiyente ..... 11
Ano ang Mangyayari Kapag Naghain Ka ng Iyong Bagong Claim para sa Mga Benepisyo? ..... 12
Mga Benepisyo na Binabayaran para sa Mga Linggo ..... 12
Pagtanggap ng Mga Pagbabayad sa pamamagitan ng Papel na Tseke o Direct Deposit ..... 13
Magpatunay para sa Mga Benepisyo ..... 13
Mga Naka-iskedyul na Appointment ..... 13
Kung Ikaw ay Hindi Makapagtrabaho ..... 14
Kung Ikaw ay Lilipat ..... 15
Kapag Ikaw ay Bumalik sa Trabaho ..... 15
Kung Ikaw ay Labis na Binayaran ..... 15
Mali o Hindi Totoong Impormasyon ..... 16
Kung ang Iyong Claim ay Tinututulan ..... 16
Kung ang Iyong Claim ay Tinanggihan Anumang Oras – Mga Karapatan Mo sa Pag-apela ..... 16
Ano ang Mangyayari sa Iyong Apela? ..... 17
Mga Karapatan ng Employer sa Pag-apela ..... 17
Paano Tinutukoy ang Iyong Mga Benepisyo ..... 18
Ang Iyong Base Period ..... 18
Kabuuang Lingguhang Mga Benepisyo ..... 19
Kabuuang Taunang Mga Benepisyo ..... 19
Mga Bahagyang Benepisyo–Part-Time na Trabaho ..... 20
Pagtatantiya ng Bahagyang Benepisyo ..... 20
Mga Benepisyo sa Interstate ..... 20
Claim sa Pinagsamang Sahod ..... 21
Mga Empleyado ng Pamahalaan ng Estados Unidos ..... 21
Mga Beterano ng Militar ng Estados Unidos ..... 22
Mga Benepisyo sa Trade Assistance ..... 23
Pag-profile at Referral sa Mga Serbisyo sa Muling Pagtatrabaho ..... 23
Iulat AGAD ang Iyong Pagbabalik sa Trabaho! ..... 24
Mga Pangwakas na Tip para sa Paghahain ..... 24
Ang Mga Benepisyo ay Maaaring Mabuwisan ..... 24
Ang iyong Social Security Number ay Kinakailangan ..... 25

## Introduksyon

Ang publikasyong ito ay nagbibigay ng mga detalyadong instruksiyon sa kung paano mag-apply ang mga naghahanap ng trabaho para sa mga benepisyo sa insurance sa kawalan ng trabaho *[unemployment insurance]*.

Kinokolekta ng Illinois Department of Employment Security (IDES) ang mga buwis sa unemployment insurance mula sa mga responsableng employer ng estado at ibinabalik ang mga perang iyon sa mga karapat-dapat na manggagawa sa Illinois bilang mga benepisyo sa unemployment insurance. Ang IDES ay nagpapatakbo din ng isang serbisyo sa pagtatrabaho at iba pang mga espesyal na programa para sa mga walang trabaho at underemployed at itinutugma ang mga pangangailangan ng employer sa paggawa sa mga kasanayan ng mga naghahanap ng trabaho.

## Saan Mahahanap ang Mga Serbisyo ng IDES

Bisitahin ang website ng IDES sa **IDES.Illinois.gov** para sa lahat ng serbisyo. Available din ang mga serbisyo ng IDES sa mga tanggapan ng IDES at sa mga Illinois workNet Center sa buong Illinois. Para makahanap ng tanggapang malapit sa inyo, pumunta sa **IDES.Illinois.gov** at piliin ang **Office Locator** mula sa **About** menu.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa paghahain ng claim, mangyaring kumonsulta sa brochure na ito. Maaari mo ring tawagan ang IDES Claimant Services sa (800) 244-5631 kung mayroon ka pa ring mga katanungan.

Ang mga tumatanggap ng benepisyo sa unemployment insurance ay kinakailangang aktibong maghanap ng trabaho. Kinakailangan din silang magrehistro sa mga sistema ng Illinois Employment Service. Maaaring magampanan ang parehong mga hinihiling sa pamamagitan ng pag-log in sa **IllinoisJobLink.com** at pagkumpleto sa proseso ng pagpaparehistro, paggawa ng resume, at paghahanap ng trabaho.

Para sa impormasyon sa mga pagpipilian sa karera, employment trends, job outlooks, deskripsiyon ng trabaho at sahod, pumunta sa **IDES.Illinois.gov**, at piliin ang **Jobs & Workforce**.

## Protektahan ang Iyong Mga Benepisyo

Maraming manggagawa na walang trabaho ang nawawalan ng benepisyo sa loob ng isang linggo o higit pa dahil hindi nila ***sinusunod ang mga instruksiyon*** sa booklet na ito. Ang mga pagkakamali sa paghahain ng mga claim ay maaaring makaantala sa pagbabayad ng iyong mga benepisyo. Kung hindi mo naiintindihan ang mga instruksiyon na ito, tumawag sa IDES Claimant Services sa (800) 244-5631 o humingi ng tulong sa isang tanggapan ng IDES o Illinois workNet Center. Ikaw ay may karapatan na katawanin ng isang tao o organisasyon na iyong pinili sa lahat ng bagay na may kaugnayan sa iyong claim. Ang impormasyon tungkol sa iyong claim ay maibibigay lamang sa iyong kinatawan kung ang kinatawan na iyon ay magpapakita ng katibayan ng awtorisasyon mula sa iyo.

## Benepisyo sa Insurance sa Kawalan ng Trabaho *[Unemployment Insurance]*

Ang unemployment insurance ay isang programang insurance na pinamamahalaan ng estado na ginawa upang ikaw ay bahagyang mabayaran para sa pagkawala ng sahod kapag wala kang trabaho. Tulad ng sunog, aksidente, kalusugan at iba pang uri ng insurance, ito ay para sa isang emerhensiya: kapag ikaw ay pansamantala o permanenteng walang trabaho o kung ikaw ay nagtatrabaho nang mas mababa sa full-time dahil sa kakulangan ng trabaho.

Tinitiyak ng programa na, kung natutugunan mo ang mga kinakailangan ng batas sa pagiging karapat-dapat, ikaw ay magkakaroon ng kaunting kita habang ikaw ay naghahanap ng trabaho, hanggang sa maximum na 26 na buong linggo sa loob ng isang taon. Gayunpaman, hindi ka mapoprotektahan ng unemployment insurance sa pagkawala ng sahod habang ikaw ay wala sa trabaho dahil sa sakit o habang ikaw ay walang ginagawa dahil sa sariling kagustuhan.

Ang unemployment insurance ay hindi dapat ipagkamali sa Social Security, isang pederal na programa upang protektahan ka at ang iyong mga dependiyente laban sa pagkawala ng mga kita sa pagreretiro, permanenteng kapansanan o kamatayan. Ikaw ay bahagyang nagbabayad para sa Social Security sa pamamagitan ng mga pagkakaltas sa suweldo; hindi ka nagbabayad ng anumang bahagi ng iyong sahod, direkta man o sa pamamagitan ng mga pagkakaltas sa suweldo, para sa unemployment insurance sa Illinois. Ang mga benepisyo sa unemployment insurance ay pinopondohan ng mga buwis na nakokolekta mula sa mga employer sa Illinois.

Dahil binabayaran ng mga employer ang halaga ng unemployment insurance (nag-iiba-iba ang halagang binabayaran nila depende sa bilang ng mga claim na sinisingil sa kanila), may karapatan ang mga employer na tutulan ang mga claim na pinaniniwalaan nilang hindi lehitimo.

## Naka-insure na Trabaho

Kung ikaw ay kwalipikado para sa unemployment insurance, ikaw ay makakatanggap ng mga benepisyo batay sa *naka-insure na trabaho*. Ang *naka-insure na trabaho* ay trabahong isinagawa para sa isang employer na napapailalim sa batas — na kinakailangang magbayad sa estado sa ilalim ng Illinois Unemployment Insurance Act.

Ang mga biweekly na pagbabayad sa iyo ay kilala bilang *mga benepisyo*. Upang maging kwalipikado para sa mga benepisyo, dapat mong matugunan ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat. Kung ikaw ay kwalipikado, ang mga benepisyo ay babayaran sa iyo bilang isang karapatan. Ang mga benepisyo ay hindi batay sa pangangailangan; hindi ito kawanggawa o welfare.

Sa Illinois, ang programa sa unemployment insurance ay pinangangasiwaan ng IDES; ang mga serbisyo ay ibinibigay sa publiko sa pamamagitan ng Internet at sa mga tanggapan ng IDES sa buong estado.

Kung ikaw ay mawalan ng trabaho, maaari kang maghain ng claim online sa **IDES.Illinois.gov** o sa isang tanggapan ng IDES. Ang mga lokasyon ng tanggapan ay matatagpuan online o sa pamamagitan ng pagtawag sa IDES Claimant Services.

Ihain ang iyong claim sa *unang linggo pagkatapos mong mawalan ng trabaho* o sa lalong madaling panahon. Kung ipagpapaliban mo ang paghahain, maaari mong mawala ang mga benepisyo.

## Hindi Naka-insure na Trabaho

Mayroong ilang mga uri ng trabaho na maaaring hindi naka-insure sa Illinois. Ang mga sahod na binayaran para sa hindi naka-insure na trabaho ay hindi maaaring gamitin bilang batayan para sa pagkuha ng mga benepisyo. Narito ang ilang halimbawa:

1. Ang mga manggagawa sa agrikultura na sakop ay ang mga nagtrabaho para sa isang yunit na nagpapatrabaho na nagbayad ng di-kukulangin sa $20,000 nang cash bilang sahod sa mga empleyadong ito sa anumang quarter o kumuha ng 10 o higit pang mga indibidwal sa loob ng bawat isa sa 20 o higit pang mga linggo sa loob ng kasalukuyan o naunang taon. Ang ibang mga manggagawa sa agrikultura ay hindi sakop.
2. Ang mga kasambahay *[domestic worker]* na sakop ay ang mga nagtrabaho para sa isang yunit na nagpapatrabaho na nagbayad ng di-kukulangin sa $1,000 nang cash bilang sahod para sa anumang mga domestikong serbisyo sa anumang quarter sa kasalukuyan o naunang taon. Ang ibang mga domestic worker ay hindi sakop.
3. Ang trabaho sa riles na sakop ng Railroad Unemployment Insurance Act ay hindi naka-insure.
4. Ang ilang partikular na pagtatrabaho sa pamilya, tulad ng isang tao na nagtatrabaho para sa asawa, isang magulang na nagtatrabaho para sa anak, o isang anak na wala pang 18 taong gulang na nagtatrabaho para sa isang magulang, ay hindi sakop.
5. Hindi sakop ang trabaho bilang ahente ng insurance o solicitor na binabayaran lamang batay sa komisyon.
6. Ang ilang trabaho sa gobyerno sa mga espesyal na sitwasyon sa trabaho (mga inihalal na opisyal) o ang mga kinuha para magtrabaho sa maikling panahon pagkatapos ng isang sakuna ay maaaring hindi masakop.
7. Hindi sakop ang work-relief at/o pagsasanay sa trabaho na pinondohan ng pederal, estado o lokal.
8. Hindi rin sakop ang mga direktang nagbebenta ng consumer products sa isang buy-sell basis, sa pamamagitan ng direktang komisyon o anumang katulad na batayan sa isang bahay o sa isang establisyemento maliban sa permanenteng retail na establisyemento.

May iba pang mga uri ng trabaho na hindi naka-insure sa ilalim ng programa ng Illinois ngunit maaaring naka-insure sa ibang estado (tingnan ang pahina 19) o sa pederal na pamahalaan. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, tawagan ang IDES Claimant Services.

## Kwalipikado Ka ba para sa Mga Benepisyo?

Ang unemployment insurance, tulad ng iba pang mga uri ng insurance, ay nangangailangan na *ang ilang partikular na kundisyon sa pagiging kwalipikado ay matugunan* bago mabayaran ang iyong claim. Ang mga kundisyong ito ay ginawa upang tiyakin na ikaw ay kamakailang nagtrabaho at ngayon ay walang trabaho nang hindi mo kasalanan. Ikaw ay kwalipikado para sa mga benepisyo para lamang sa mga linggo kung saan natutugunan mo ang lahat ng kundisyon sa pagiging kwalipikado at hindi napapailalim sa diskwalipikasyon.

### PANGKALAHATANG PAGIGING KWALIPIKADO

1. Ikaw ay walang trabaho nang hindi mo kasalanan.

2. Ikaw ay binayaran ng $1,600 o higit pa bilang sahod sa panahon ng iyong base period para sa naka-insure na trabaho (Tingnan ang pahina 14).
3. Ikaw ay binayaran ng di-kukulangin sa $440 ng iyong base period na sahod anumang oras sa panahon ng base period na labas sa quarter kung saan ang iyong mga sahod ay pinakamataas.
4. Ikaw ay nakarehistro para sa trabaho sa IDES. (Tingnan ang pahina 9).

**LINGGUHANG PAGIGING KWALIPIKADO**

1. Ikaw ay naghain ng iyong claim (napatunayan) para sa linggo gaya ng naka-iskedyul gamit ang automated na Tele-Serve system, sa pamamagitan ng Internet o kung hindi man ay gaya ng itinuro ng IDES staff.
2. Natapos mo ang isang "linggo ng paghihintay." Ang "linggo ng paghihintay" ay isang panahon ng kwalipikasyon na iniaatas ng batas. Ang mga benepisyo ay hindi binabayaran sa linggong ito. Kadalasang ito ang unang linggo kung kailan mo ihahain ang iyong claim.
3. Sa buong linggo, ikaw ay nakapagtrabaho, available para sa trabaho at aktibong naghahanap ng trabaho. (Tingnan ang mga pahina 8 at 9.)

**MGA DISKWALIPIKASYON**

Kahit na natutugunan mo ang mga kundisyon sa pagiging kwalipikado na nakalista sa itaas, hindi ka magiging karapat-dapat para sa mga benepisyo kung ikaw ay nadiskwalipikado. Ikaw ay *ma-di-diskwalipikado* kung:

1. Ikaw ay huminto sa iyong trabaho nang walang magandang dahilan na maiuugnay sa iyong employer, maliban kung ikaw ay huminto dahil sa isa sa mga kadahilanang ito: kalusugan, sekswal na panghaharas, domestikong karahasan, hindi angkop na trabaho, pagtanggap ng ibang trabaho, hindi paggamit ng bumping privileges, o ang pangangailangang samahan ang asawang nasa militar o asawa na lilipat dahil sa trabaho.
2. Ikaw ay natanggal dahil sa maling asal na nauugnay sa iyong trabaho.
3. Ikaw ay nabigo, nang walang magandang dahilan, na mag-apply para sa o tumanggap ng angkop na trabahong inaalok sa iyo. Sa ilalim ng batas, ang isang trabaho ay **hindi** angkop kung:
    a. Ang pagbubukas ng trabaho ay umiiral dahil sa isang hindi pagkakaunawaan sa paggawa *[labor dispute]*.
    b. Ang sahod, oras o iba pang kondisyon sa pagtatrabaho ay hindi kasingbuti ng mga umiiral para sa parehong uri ng trabaho sa parehong komunidad.
    c. Ang iyong kaligtasan, kalusugan o moral ay maaaring malagay sa panganib.
    d. Kailangan mong magbitiw sa o mapigilan na sumali sa isang unyon upang makuha o mapanatili ang trabaho.
    e. Papalitan mo ang ibang manggagawa sa ilalim ng isang collective bargaining agreement at maging dahilan upang matanggal sa trabaho ang taong iyon.

*Tandaan: Kung ang alinman sa unang tatlong diskwalipikasyon ay nalalapat sa iyo, hindi ka magiging karapat-dapat para sa mga benepisyo sa hinaharap hanggang sa makahanap ka ng iba pang trabaho at kumita ng halagang katumbas o higit pa sa halaga ng iyong lingguhang benepisyo sa bawat isa sa apat na linggo, at pagkatapos ay mawala ang trabahong iyon nang hindi mo kasalanan. (Hindi magagamit ang ilang uri ng trabaho para muling maging kwalipikado.)*

4. Ikaw ay natanggal dahil nakagawa ka ng krimen o pagnanakaw kaugnay ng iyong trabaho. Maaaring ipagkait sa iyo ang lahat ng benepisyo batay sa sahod na ibinayad sa iyo hanggang sa petsa ng iyong pagkatanggal.
5. Ikaw ay walang trabaho dahil sa isang labor dispute na nagdulot ng pagpapahinto ng trabaho sa lugar kung saan ka nagtatrabaho. Maaaring ipagkait sa iyo ang mga benepisyo hanggang sa matapos ang pagpapahinto. Kung maipapakita mo na ikaw at ang lahat ng iba pang manggagawa sa iyong grado o klasipikasyon ay hindi nakikilahok sa o direktang naapektuhan ng labor dispute, hindi maipagkakait sa iyo ang mga benepisyo kahit na mayroong pagpapahinto.
6. Para sa parehong linggo kung saan ka nag-claim ng mga benepisyo ng Illinois, ikaw ay tumatanggap ng mga benepisyo sa unemployment insurance mula sa ibang estado o sa ilalim ng isang batas pederal tulad ng Railroad Unemployment Insurance Act.
7. Para sa anumang linggo kung saan ka nag-claim ng mga benepisyo, ikaw ay binayaran o babayaran o ang iyong employer ay obligadong magbayad ng sahod sa anyo ng vacation pay, vacation allowance o stand-by pay para sa isang inianunsyong pagsasara para sa imbentaryo o mga layunin ng bakasyon o kung, kaugnay ng iyong paghihiwalay, ang employer ay gumawa o gagawa ng ganoong pagbabayad at naghain ng isang napapanahong pagtatalaga ng panahon na sakop ng suweldo o kung saan ka tatanggap ng sahod bilang kapalit ng abiso o isang paggawad ng back-pay.
8. Para sa parehong linggo kung saan ka nag-claim ng mga benepisyo, ikaw ay tumatanggap ng kompensasyon ng mga manggagawa para sa pansamantalang lubusang pagkabaldado na katumbas o higit pa sa mga benepisyo sa unemployment insurance na maaari mong makuha para sa linggo. Kung ang halaga ay mas mababa sa mga benepisyo, maaari kang mabayaran ng pagkakaiba.
9. Mula sa simula ng iyong naunang taon ng benepisyo (tingnan ang pahina 17) kung saan binayaran ka ng mga benepisyo, hindi mo nakuha ang kinakailangang halaga upang maging kwalipikado para sa ikalawang taon ng mga benepisyo.
10. Ikaw ay babayaran o nakatanggap ng pensiyon sa pagreretiro o iba pang katulad na pana-panahong pagbabayad para sa linggo kung saan ka nag-claim ng mga benepisyo. Kalahati (50%) ng iyong pensiyon sa pagreretiro (kung binayaran <u>ng bahagya</u> ng iyong base period o chargeable employer) o lahat (100%) ng iyong pensiyon sa pagreretiro (kung ang base period o ang chargeable employer ay binayaran <u>lahat</u> ng halaga nito) ay ikakaltas mula sa iyong mga benepisyo sa unemployment insurance.

    Ang pagkakaltas ng pensiyon sa pagreretiro ay tinutukoy sa pamamagitan ng paggamit ng sumusunod na kalkulasyon: ang buwanang halaga ng pensiyon ay hinati sa tatlumpu (30) pagkatapos ay i-multiply sa pito (7), na siyang lingguhang halaga ng pensiyon. Kung binayaran ng employer ang anumang bahagi ng pensiyon, ang lingguhang halaga ng pensiyon ay hinati sa dalawa (2) upang matukoy ang kalahati (50%).

    Halimbawa, ang isang indibidwal ay tumatanggap ng $1030.50 kada buwan sa pensiyon sa pagreretiro, kung saan binayaran ng employer ang bahagi ng pensiyon at ang lingguhang halaga ng benepisyo ay $331.00. Ang formula ay ang mga sumusunod:

**$1030.50 ÷ 30 = $34.35... Halaga Araw-araw**

**$34.35 x 7 = $240.45... Lingguhang Halaga ng Retirement**

**$240.45 ÷ 2 = $120.225... 50% ng Lingguhang Halaga**

**$331.00 - $120.225 = $210.775... I-round sa susunod na pinakamataas na dolyar**

**$211.00... Halaga ng benepisyo pagkatapos ng mga pagbabawas sa retirement**

11. Ang iyong claim ay batay sa mga sahod na kinita habang ikaw ay nagtrabaho para sa isang institusyong pang-edukasyon bilang isang guro, mananaliksik o administrador, ikaw ay nasa pagitan ng mga terminong pang-akademiko o ikaw ay nasa bakasyon o isang holiday recess at mayroon kang katiyakan na babalik sa susunod na termino. Gayunpaman, ang mga tauhan sa edukasyon ay maaaring maging kwalipikado para sa mga benepisyo sa unemployment insurance sa pagitan at sa loob ng isang terminong pang-akademiko kung sila ay mayroong sapat na hindi pang-akademikong sahod. Ikaw ay ma-di-diskwalipikado kung ikaw ay nagtrabaho sa anumang institusyong pang-edukasyon bilang drayber ng bus, guwardiya sa tawiran, manggagawa sa kapiterya, klerk, atbp. at ikaw ay nasa pagitan ng mga terminong pang-akademiko at may katiyakan na ikaw ay babalik sa naturang trabaho sa susunod na termino. Ang mga tauhan sa akademiko ay maaari ding madiskwalipika sa panahon ng may bayad na sabbatical leave.
12. Ikaw ay isang propesyonal na atleta, ikaw ay nasa pagitan ng sport seasons at may katiyakan na ikaw ay babalik sa mga serbisyong pang-atleta.
13. Ang iyong mga benepisyo ay ibabatay sa sahod na kinita habang ikaw ay isang dayuhan na hindi permanenteng residente o walang permit sa pagtatrabaho.

## Kailan at Saan Maghahain

Ihain ang iyong claim para sa mga benepisyo sa unemployment insurance sa unang linggo pagkatapos mong mawalan ng trabaho. Maghain para sa mga benepisyo online sa **IDES.Illinois.gov** o sa isang tanggapan ng IDES. Kung hindi ka sigurado tungkol sa iyong pagiging kwalipikado para sa mga benepisyo, tumawag sa IDES Claimant Services para sa karagdagang impormasyon.

Dapat ka ring magparehistro sa Illinois Employment Service system sa **IllinoisJobLink.com**, o maaari kang magparehistro sa isang tanggapan ng IDES.

## Impormasyong Kailangan para Maghain para sa Mga Benepisyo

- Ang iyong Social Security Number at Pangalan tulad ng makikita sa iyong Social Security card;
- Ang iyong Driver's License / State ID (ito ay magbibigay ng iyong timbang, na siyang kinakailangan);
- Kung inihahayag ang iyong asawa o anak bilang dependiyente, ang Social Security Number, petsa ng kapanganakan at (mga) pangalan ng (mga) dependiyente;
- Pangalan, mailing address, numero ng telepono, petsa ng pagtatrabaho, at dahilan ng pagkakahiwalay para sa lahat ng employer na pinagtrabahuan mo sa nakalipas na 18 buwan;
    - Maaaring kailanganin ang mga rekord ng sahod (W-2 form, check stubs, atbp.) mula sa mga employer na ito.
- Kung ikaw ay nagtrabaho mula Linggo ng linggong ito, ang kabuuang sahod na kinita ngayong linggo;
    - Dapat mong iulat ang lahat ng kabuuang sahod para sa anumang trabahong ginawa, full o part-time;
    - Ang gross ay ang kabuuang halaga na kinita bago ang mga pagkakaltas, hindi ang “take home pay”, kabilang ang mga sahod sa anyo ng panunuluyan, pagkain, paninda o anumang iba pang anyo;
    - Ang kabuuang sahod ay dapat iulat sa linggo kung saan sila kinita, hindi sa linggo kung saan mo natanggap ang sahod;
    - Kung ang iyong kabuuang sahod na kinita sa anumang linggo ay mas mababa sa halaga ng iyong lingguhang benepisyo, maaari ka pa ring maging karapat-dapat na makatanggap ng buo o bahagyang benepisyo;
- Mga rekord ng anumang mga pensiyon na iyong natatanggap (hindi kasama ang Social Security);
- Kung ikaw ay hindi isang mamamayan ng Estados Unidos, ang iyong Alien Registration Information;
- Kung ikaw ay isang beterano na kamakailang nahiwalay sa serbisyo, ang Member 4 na kopya ng DD form 214 / 215;
    - Ang ibang mga kopya ng DD Form 214 / 215 ay tinatanggap, ngunit ang Member 4 na kopya ay ang pinakakaraniwang nagagamit.
- Kung ikaw ay nahiwalay sa trabaho bilang isang sibilyang empleyado ng pederal na pamahalaan, mga kopya ng iyong Standard Form 8 at Personnel Action Form 50.

*Tandaan: Ang batas ay nagbibigay ng sentensiya sa pagkabilanggo at mga multa kung susubukan mong makakuha ng mga benepisyo nang may pandaraya sa pamamagitan ng pagkakait ng mahalagang impormasyon o sa paggawa ng mga hindi totoong pahayag upang makakuha ng mga benepisyo.*

## Ano ang Ibig Sabihin ng "Kaya at Maaaring Magtrabaho"

Isinasaad ng batas na dapat ay *kaya mo at ikaw ay maaaring magtrabaho* sa anumang linggo kung saan ka nag-claim ng mga benepisyo. Ito ay nangangahulugan na sa loob ng linggo ikaw ay dapat na kusa, handa, at kayang tumanggap ng angkop na trabaho. Karaniwang nangangahulugan ito ng isang full-time na trabaho. *Hindi* mo kaya at *hindi* ka makapagtrabaho kung:

1. Ikaw ay may sakit at hindi maaaring magtrabaho sa anumang araw.
2. Ikaw ay nakabakasyon.
3. Kailangan mong manatili sa bahay upang mapanatili ang tahanan o pangalagaan ang iyong pamilya.
4. Ikaw ay nagretiro na at hindi na tatanggap ng angkop na trabaho.
5. Pagkatapos mong mawala ang iyong huling trabaho, ikaw ay lumipat at nanatili sa isang komunidad kung saan ang iyong pagkakataong makakuha ng trabaho ay hindi kasing-inam ng nasa komunidad na iyong iniwan.
6. Ang mga sahod, oras, o kondisyon sa trabaho na ipinipilit mo ay nililimitahan ang mga pagkakataong makakuha ka ng trabaho.
7. Ang iyong pangunahing trabaho ay ang isang mag-aaral na pumapasok sa o nasa bakasyon mula sa paaralan. Gayunpaman, maaari kang maging karapat-dapat para sa mga benepisyo kung ikaw ay dumadalo sa isang aprubadong kurso sa pagsasanay upang matulungan kang makakuha ng trabaho sa ilalim ng mga partikular na kalagayan. Kung ikaw ay naka-enroll sa ganoong kurso, ipaalam sa isang kinatawan sa IDES Claimant Services, sa isang tanggapan ng IDES o sa isang workNet Center.

## Aktibong Naghahanap ng Trabaho

Isinasaad ng batas na ikaw ay dapat na aktibong naghahanap ng trabaho sa sarili mong inisyatiba. Dapat kang magparehistro sa Illinois Employment Service system sa **IllinoisJobLink.com**, o maaari kang magparehistro sa isang tanggapan ng IDES. Ang iyong mga kagustuhan at kasanayan sa trabaho ay itutugma sa mga available na bakanteng trabaho. Ang mga miyembro ng staff sa mga tanggapan ng IDES ay handang tumulong sa iyong paghahanap ng trabaho. Bilang karagdagan, maaaring hilingin sa iyo na regular na ipaalam sa IDES ang tungkol sa:

1. Iyong ginagawa upang makahanap ng trabaho.
2. Uri ng trabaho na iyong hinahanap.
3. Iyong mga prospekto na matanggap sa trabaho.

Panatilihin ang isang rekord kung kailan at saan ka nag-apply para sa trabaho. Kung ikaw ay maghahanap ng trabaho sa **IllinoisJobLink.com**, ang iyong mga pagsisikap ay itatala doon. Maaari ka ring gumamit ng Work Search Record form na available sa aming website: **IDES.Illinois.gov**.

Kung pinalawig ang iyong panahon ng kawalan ng trabaho, maaaring kailanganin mong ikonsidera ang pagbabago ng iyong mga kinakailangan upang mapabuti ang iyong pagkakataon na makahanap ng trabaho.

## Paghayag sa mga Bata bilang Mga Dependiyente

Maaari mong ihayag ang isang bata bilang isang dependiyente kung ang lahat ng mga sumusunod na kundisyon ay nalalapat:

1. Ang bata ay hindi inihayag bilang isang dependiyente ng sinuman sa nakaraang taon.
2. Ang bata ay hindi miyembro ng parehong pamilya kung saan ang isang bata ay inihayag bilang isang dependiyente ng isa pang magulang.
3. Ang bata ay wala pang 18 taong gulang, o, kung mas matanda, ay hindi makapagtrabaho dahil sa sakit o iba pang kapansanan sa loob ng 90 araw bago ang unang araw ng bawat linggo kung saan ka naghain ng claim para sa mga benepisyo.
4. Ang bata ay iyong natural na anak, iyong stepchild o iyong ampon, o ang bata ay nasa iyong pangangalaga sa pamamagitan ng utos ng hukuman.
5. Ikaw ay nagbigay ng higit sa kalahati ng suporta para sa bata para sa 90 araw bago ang unang araw ng bawat linggo kung saan ka naghain ng claim para sa mga benepisyo (o para sa tagal ng relasyon kung umiral ito nang wala pang 90 araw) o ikaw ay nagbigay ng hindi bababa sa sangkapat ng suporta kung ikaw at ang iyong asawa ay magkasamang nagbigay ng higit sa kalahati ng suporta at kayo ay miyembro ng parehong sambahayan.

Kung ikaw ay napigilan ng sakit o pinsala na suportahan ang iyong anak o mga anak sa loob ng 90-araw ngunit legal na obligadong suportahan sila, ikaw ay itinuturing na sumuporta sa kanila.

## Paghayag sa Asawa bilang isang Dependiyente

Maaari mong ihayag ang iyong asawa bilang isang dependiyente kung wala silang sapat na sahod para sa kanilang sarili upang maging kuwalipikado para sa mga benepisyo at ikaw ay nagbigay ng higit sa kalahati ng suporta ng iyong asawa para sa 90 araw bago ang unang araw ng bawat linggo kung saan ka naghain ng claim para sa mga benepisyo.

Gayunpaman, kung ang iyong kasal ay naganap nang wala pang 90 araw bago ang unang araw ng linggo ng benepisyo, maaari mong ihayag ang iyong asawa bilang isang dependiyente kung wala silang sapat na sahod upang maging kuwalipikado para sa mga benepisyo at ikaw ay nakapagbigay ng higit sa kalahati ng kanilang suporta mula noong petsa ng kasal.

Kung ikaw ay napigilan ng sakit o pinsala na suportahan ang iyong asawa sa loob ng 90 araw ngunit legal na obligadong magbigay ng suporta, ikaw ay itinuturing na sumuporta sa kanila.

Hindi mo maaaring ihayag ang parehong dependiyenteng asawa at dependiyenteng anak.

## Ano ang Mangyayari Kapag Naghain Ka ng Iyong Bagong Claim para sa Mga Benepisyo?

1. Pagkatapos mong ihain ang iyong claim, ikaw ay mabibigyan ng araw ng pagtawag para magpatunay para sa mga linggo ng mga benepisyo.
2. Kinakailangan mong kumpletuhin ang iyong pagpaparehistro sa Illinois Employment Service system sa **IllinosJobLink.com**.
3. Ipapaalam sa iyo na ikaw ay dapat na aktibong maghanap ng trabaho at dapat magpanatili ng rekord ng iyong mga pagsisikap sa paghahanap ng trabaho (Tingnan ang pahina 9). Ang dokumentasyong ito ay dapat ibigay kung hihilingin ng ahensyang ito.

Ang pagpapasiya na ikaw ay aktibong naghahanap ng trabaho sa panahon ng linggong kini-claim ay sasailalim sa muling pagkonsidera. (Maaaring muling ikonsidera ang pagpapasiya kahit na ikaw ay binayaran na ng mga benepisyo o nakabalik sa trabaho mula noon.) Upang mapanatili ang katibayan na ikaw ay aktibong naghahanap ng trabaho, huwag itapon ang iyong nakasulat na rekord sa paghahanap ng trabaho para sa anumang linggong kini-claim hanggang sa lumipas ang 53 linggo mula sa katapusan ng linggong iyon. At saka, kung may nakabinbing apela tungkol sa iyong aktibong paghahanap ng trabaho sa loob ng isang linggo, panatilihin ang iyong nakasulat na rekord sa paghahanap ng trabaho hanggang sa magkaroon ng pinal na resolusyon tungkol dito. Ang isang madaling alternatibo ay panatilihin ang iyong rekord sa paghahanap ng trabaho online sa **IllinoisJobLink.com**.

Pagkatapos maihain ang iyong claim, magpapadala sa iyo ang IDES ng isang pahayag na tinatawag na UI Finding.
Ang Finding ay nagpapakita ng:

- Iyong unang petsa ng sertipikasyon.
- Mga sahod na binayaran sa iyo ng bawat employer sa bawat quarter ng iyong base period para sa naka-insure na trabaho.
- Petsa ng pag-claim at mga petsa ng pagsisimula at pagtatapos ng taon ng benepisyo.
- Halaga ng iyong lingguhang benepisyo at allowance ng dependiyente.*
- Iyong maximum na balanse sa benepisyo.

**Ang iyong WBA at allowance ng dependiyente ay magkahiwalay na halaga; kung ikaw ay nararapat sa allowance ng dependiyente, ito ay idadagdag sa iyong WBA, na nagpapataas ng iyong kabuuang benepisyo.*

Kung ang Finding ay tama, panatilihin ito. Kung hindi, iulat kaagad ang pagkakamali sa IDES. Mangyaring maging handa na magpakita ng patunay ng mga sahod na binayaran sa panahon ng iyong base period (ibig sabihin, mga W-2 statement, check stub, atbp.). Sa sandaling ikaw ay maghain ng claim para sa mga benepisyo sa unemployment insurance, hindi mo maaaring bawiin ang claim, kahit na ang claim na may kalaunang petsa ng pagkakabisa ay magreresulta sa mas mataas na halaga ng lingguhang benepisyo.

## Mga Benepisyo na Binabayaran para sa Mga Linggo

Ang mga benepisyo ay binabayaran bi-weekly (tuwing makalawang linggo) para sa dalawang linggo ng kawalan ng trabaho. Ang isang linggo ay nagsisimula sa Linggo at magtatapos sa Sabado. Ang mga benepisyo ay binabayaran pagkatapos ng katapusan ng mga linggo. Ang iyong itinalagang araw ng pagtawag, araw ng sertipikasyon o appointment ay palaging nasa petsa pagkatapos ng mga linggong ito ng kawalan ng trabaho. Hindi ka makakatanggap ng mga benepisyo hangga’t hindi ka nakapagpatunay para sa mga linggo sa pamamagitan ng telepono o online, gaya ng iniutos, at natugunan ang lahat ng mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado sa mga linggong iyon.

## Pagtanggap ng Mga Pagbabayad sa pamamagitan ng Papel na Tseke o Direct Deposit

Maaari kang makatanggap ng mga benepisyo sa pamamagitan ng papel na tseke o direktang deposito *[direct deposit]*. Ikaw ay lubos na hinihikayat na piliin ang direct deposit. Maaari kang mag-enroll sa direct deposit kapag maghahain ka ng iyong claim. Kung hindi ka mag-sign up para sa direct deposit, matatanggap mo ang iyong mga benepisyo sa pamamagitan ng papel na tseke. Kung kailangan mo ng tulong sa pag-set up ng direct deposit, tingnan ang step-by-step na gabay sa website ng IDES. Ang website ng IDES ay mayroon ding impormasyon tungkol sa abot-kaya at kumbinyenteng mga opsyon sa bank account.

Pagkatapos magpatunay, mangyaring maghintay ng 8 araw bago matanggap ang iyong bayad sa pamamagitan ng tseke, o 2-3 araw para sa direct deposit.

## Magpatunay para sa Mga Benepisyo

Pagkatapos ihain ang iyong claim, ikaw ay makakatanggap ng UI Finding, na kinabibilangan, bukod sa iba pang mga bagay, ng iyong base period na sahod, ng halaga ng iyong lingguhang benepisyo at ng iyong bi-weekly na araw ng sertipikasyon.

Dapat kang magpatunay kada dalawang linggo para sa mga linggong katatapos lang. Ikaw ay pinahihintulutan ng IDES na maghain ng mga bi-weekly na sertipikasyon online o sa pamamagitan ng Tele-Serve.

Ang mga instruksiyon para sa pagpapatunay ay nakadetalyado sa dalawang publikasyon:

- Inihain Ko ang Aking Claim Ano ang Mangyayari Ngayon, at
- Tele-Serve

Ang parehong polyeto ay matatagpuan online sa **IDES.Illinois.gov**. Available din ang mga naimprentang kopya sa mga tanggapan ng IDES.

## Mga Naka-iskedyul na Appointment

Pagkatapos ihain ang iyong claim, ikaw ay maaaring mai-iskedyul para sa isang panayam sa telepono. Ang isang panayam ay maaaring dulot ng iyong aplikasyon sa claim, ng iyong mga sagot sa mga tanong sa sertipikasyon, o sa pamamagitan ng protesta ng isang employer. Sa ilang pagkakataon, maaaring kailanganin mo lang na kumpletuhin at ibalik ang isang questionnaire. Sa mga bihirang pagkakataon, maaaring kailanganin mong mag-ulat nang personal sa isang tanggapan ng IDES.

Kapag naka-iskedyul, tandaan na gawin ang sumusunod:

1. Kung ikaw ay naka-iskedyul para sa isang panayam sa telepono, palaging ihanda ang iyong sarili upang tanggapin ang tawag sa numero ng telepono na iyong ibinigay. Sa panahon ng panayam, ikaw ay dapat na nasa isang kapaligiran kung saan ikaw ay nakakarinig nang mabuti, nakakapagsulat, at hindi nagagambala.
    - Kung ikaw ay hindi available para sa iyong appointment, ibalik ang Request for Change of Interview Date na nakalakip sa iyong Notice of Interview.

- Kung ikaw ay hindi available para sa iyong appointment, maaari ka ring tumawag sa IDES Claimant Services o mag-ulat sa isang tanggapan ng IDES sa lalong madaling panahon upang ipaliwanag kung bakit hindi ka available.
- Kung wala kang magandang dahilan para sa hindi pagiging available, maaari mong mawala ang mga benepisyo.
- Kung mali ang numero ng telepono sa Notice of Interview, kailangan mong tawagan ang Claimant Services sa (800) 244-5631 sa lalong madaling panahon at bago ang petsa ng panayam upang itama ito.

2. Kung ang iyong appointment ay naka-iskedyul na personal, dalhin ang lahat ng iba pang nakumpletong form o mga dokumento na sinabing dalhin.
3. Sa iyong panayam, maging handa na sabihin sa kinatawan ng IDES ang:
    - Tungkol sa anumang trabaho na ginawa mo mula noong huli kang nagpatunay.
    - Tungkol sa anumang vacation pay, holiday pay o iba pang kita na natanggap mo mula noong huli kang nagpatunay.
    - Kung ikaw ay may sakit o kung hindi man ay hindi makapagtrabaho o hindi handang kumuha ng trabaho para sa anumang kadahilanan mula noong huli kang nagpatunay.
    - Kung ikaw ay huminto, tumanggi, o natanggal sa isang trabaho.
    - Kung wala kang trabaho mula noong huli kang nagpatunay dahil sa isang labor dispute.
    - Kung ikaw ay nakatanggap o nakapag-apply para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho mula sa isang estado maliban sa Illinois mula noong huli kang nagpatunay.
    - Kung saan ka naghanap ng trabaho mula noong huli kang nagpatunay. Magtago ng isang hiwalay na rekord ng lahat ng pagsisikap sa paghahanap ng trabaho; maaaring kailanganin mong ibigay ang impormasyong ito sa ibang pagkakataon.
    - Kung mayroon kang kita mula noong huli kang nagpatunay. Iulat ang kabuuang sahod para sa anumang trabahong ginawa, full o part-time. Ang ibig sabihin ng gross ay bago ang mga buwis o iba pang pagkakaltas, hindi ang iyong take-home pay. Dapat isama ang mga kita sa anyo ng panunuluyan, pagkain, paninda o anumang iba pang anyo.

Tandaan, ang mga sahod ay dapat iulat para sa linggo kung kailan mo ito kinikita, hindi kapag aktwal mong natanggap ang mga ito. Kung ang iyong kabuuang sahod na kinita sa anumang linggo ay mas mababa sa halaga ng iyong lingguhang benepisyo, maaari ka pa ring maging karapat-dapat na makatanggap ng buo o bahagyang benepisyo.

## Kung Ikaw ay Hindi Makapagtrabaho

Para sa bawat araw ng trabaho na ikaw ay may sakit o kung hindi man ay hindi makapagtrabaho, ang iyong benepisyo para sa linggong iyon ay mababawasan ng sangkalima ng iyong lingguhang halaga ng benepisyo. Kung ikaw ay hindi makapagtrabaho ng limang araw ng trabaho sa isang linggo, hindi ka makakatanggap ng anumang benepisyo para sa linggong iyon. Kung ikaw ay nagkasakit sa loob ng hindi tiyak na panahon, abisuhan ang IDES Claimant Services sa sandaling makapagtrabaho ka na.

## Kung Ikaw ay Lilipat

Abisuhan ang IDES Claimant Services ng iyong bagong address at maghain ng notisya sa pagbabago ng address sa U.S. Postal Service. Kahit na ikaw ay huminto sa pag-claim ng mga benepisyo, dapat mo pa ring abisuhan ang IDES kung ikaw ay lilipat dahil maaaring magkaroon ng mga isyu pagkatapos mong ihinto ang paghahain para sa mga benepisyo o maaaring kailangang ipadala sa iyo ang mga dokumento sa pagbubuwis.

## Kapag Ikaw ay Bumalik sa Trabaho

Kapag ikaw ay magpapatunay, ikaw ay tatanungin kung ikaw ay nagtrabaho. Kung ang sagot ay oo, dapat mong ilagay ang iyong kabuuang sahod para sa linggo. Kung ang halagang inilagay ay mas malaki kaysa sa halaga ng iyong lingguhang benepisyo, ang iyong claim ay awtomatikong masususpinde. Kung ikaw ay patuloy na nagtatrabaho at kumikita ng higit sa halaga ng iyong benepisyo, walang karagdagang aksyon ang kinakailangan – mananatiling suspendido ang iyong claim hanggang sa kailangan mong maghain muli.

Kung ikaw ay muling mawalan ng trabaho, maaari kang maghain ng karagdagang claim online sa **IDES.Illinois.gov** o sa pagtawag sa Claimant Services sa 800-244-5631.

Kung ikaw ay nagpapatunay online, at nagtrabaho lamang ng isa o pareho sa mga linggong iyong pinapatunayan, at wala nang trabaho muli, ikaw ay sasabihan na ilagay ang karagdagang impormasyon sa claim sa dulo ng iyong sertipikasyon, kaya dapat handa ka sa pangalan ng pinakahuling employer, mga petsa ng pagtatrabaho, at ang dahilan kung bakit hindi ka na nagtatrabaho sa panahon ng iyong pagpapatunay. Kung ikaw ay nagpapatunay sa pamamagitan ng telepono, walang internet access, at ang sitwasyong ito ay nalalapat sa iyo, kailangan mong tawagan ang Claimant Services upang ihain ang bagong claim.

## Kung Ikaw ay Labis na Binayaran

Kung ikaw ay labis na binayaran, ang halaga ay maaaring mabawi mula sa mga benepisyong babayaran sa iyo. Kung ang labis na pagbabayad ay dahil sa mga dahilan maliban sa panloloko, ibig sabihin, sadyang nagbibigay ng mali o hindi totoong impormasyon, ang halagang babawiin ay maaaring hindi hihigit sa 25 porsiyento ng halaga ng iyong lingguhang benepisyo para sa bawat linggo na ikaw ay kwalipikado para sa mga benepisyo. Ang labis na pagbabayad ay maaaring magresulta sa paggalaw ng comptroller sa mga pagbabayad ng estado (tulad ng mga refund sa pang-estadong buwis sa kita at mga pinanalunan sa lottery).

Kung ang labis na pagbabayad ay hindi mo kasalanan at maipapakita mong ikaw ay naghihirap sa pananalapi, maaari mong hilingin na ang labis na pagbabayad ay pansamantalang hindi bawiin mula sa anumang mga benepisyo na nararapat mong matanggap. Dapat kang maging handa na magbigay ng dokumentasyon ng paghihirap. Kahit na pansamantalang iurong ang pagbawi, pananagutan mo pa rin ang halaga ng benepisyong labis na binayaran sa iyo.

Ang higit pang impormasyon sa mga waiver sa labis na pagbabayad ay matatagpuan sa aming website.

## Mali o Hindi Totoong Impormasyon

Ang pagbibigay ng mali o hindi totoong impormasyon, o pagkakait ng anumang impormasyon upang makakuha ng mga benepisyo na hindi ka nararapat ay mapaparusahan sa ilalim ng batas ng Illinois. Maaari kang mapatawan ng multa, pagkakulong, at paggalaw ng comptroller ng pang-estado at/o pederal na pagbabalik ng buwis. Bilang karagdagan sa mga posibleng parusang kriminal, hindi ka na muling makakakuha ng mga benepisyo hanggang sa makapagsilbi ka ng ilang linggo ng parusa (o lumipas ang dalawang taon mula noong nagsimula ang iyong pagiging hindi kwalipikado) at nabayaran mo ang halaga ng mga benepisyong natanggap sa pamamagitan ng pandaraya o ang halagang iyon ay nabawi mula sa mga benepisyong ibabayad sa iyo. Ang bawat employer kung kanino ka nagtatrabaho ay maghahain sa estado ng Illinois ng rekord ng mga sahod na ibinayad sa iyo at ang quarter kung kailan binayaran ang mga sahod. Ang iyong claim ay ihahambing sa mga rekord ng sahod na ito.

Kapag ikaw ay maghahain ng claim, ang lahat ng impormasyong ibibigay mo ay susuriin ng mga imbestigador. Ang iyong huling employer at, sa ilang kalagayan, ang iyong ibang mga dating employer ay aabisuhan hinggil sa iyong claim.

## Kung ang Iyong Claim ay Tinututulan

Ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na ipakita ang katotohanan sa isang tagahatol ng mga claim ng IDES. Kung kinakailangan ng mga testigo upang makatulong sa pagpresenta ng iyong kaso, ikaw ay dapat magsaayos para sila ay makadalo sa panayam. Ang mga benepisyo ay babayaran kaagad kung ang tagahatol ng mga claim ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat para sa mga benepisyo.

## Kung ang Iyong Claim ay Tinanggihan Anumang Oras – Mga Karapatan Mo sa Pag-apela

1. Ikaw ay maaaring umapela sa anumang pagpapasiya na tumatanggi sa iyong mga benepisyo.
2. Suriin ang dokumentong "Paghahanda para sa Pagdinig ng Iyong Apela *[Preparing for Your Appeal Hearing]*", na available online sa **IDES.Illinois.gov**. Maaari mo ring tawagan ang Claimant Services para sa impormasyon tungkol sa proseso ng pag-apela.
3. Ayon sa batas, dapat mong ihain ang iyong apela sa loob ng 30 araw pagkatapos maipadala sa iyo ang isang sulat ng pagtanggi.
4. Ihain ang kahilingan sa pamamagitan ng koreo o fax sa address o numero ng fax na nakalista sa liham ng pagpapasiya. Kung ang huling araw para sa paghahain ng iyong apela ay Sabado o Linggo o anumang ibang araw kung saan sarado ang mga tanggapan ng IDES, maaaring isampa ang apela sa susunod na araw na bukas ang mga tanggapan ng IDES. Ang anumang kahilingan na isinumite sa pamamagitan ng koreo ay dapat na may petsa ng postmark sa loob ng naaangkop na limitasyon sa panahon para sa paghahain.
5. Magpatuloy sa pagpapatunay bawat dalawang linggo kung nakabinbin ang iyong apela, ngunit tangi lamang kung mananatili kang walang trabaho.

## Ano ang Mangyayari sa Iyong Apela?

1. Ang iyong apela ay itatalaga sa isang walang kinikilingan na Hukom ng Batas Administratibo *[Administrative Law Judge]* (tagahatol) para sa isang pagdinig. Ikaw ay aabisuhan tungkol sa petsa at oras ng pagdinig.
2. Sa pagdinig, ikaw ay bibigyan ng bawat pagkakataon na ipresenta ang iyong kaso. Ang mga katotohanan sa pagsuporta sa iyong claim ay dapat ipakita sa panahong ito. Kung kinakailangan ng mga testigo upang makatulong sa pagpresenta ng iyong kaso, ikaw ay dapat magsaayos para sila ay makadalo.
3. Sa pagdinig, ikaw ay may karapatan na magkaroon ng kinatawan – isang abogado o sinumang taong pipiliin mo – upang tulungan ka. Nakikipagkontrata ang estado sa mga law firm para magbigay ng limitadong libreng serbisyong legal sa mga pagdinig ng apela ng IDES sa mga claimant at ilang maliliit na employer. Ang representasyon sa iyong pagdinig ay hindi awtomatiko at nakasalalay sa mga katotohanan ng iyong kaso. Kahit na hindi ka kwalipikado para sa representasyon, ikaw ay kakausapin ng isang abogado tungkol sa iyong kaso. Kung ikaw ay interesado sa serbisyong ito, tumawag sa (800) 884-6591. Upang makuha ang serbisyong ito, tumawag kaagad pagkatapos makatanggap ng desisyon laban sa iyo o ng notisya ng isang apela. Ang anumang pagkaantala sa pagtawag ay maaaring magresulta sa hindi mo pagkuha ng serbisyong ito.
4. Kung ang tagahatol ay magpapasya laban sa iyo, ikaw ay may karapatang umapela sa Board of Review, isang independiyenteng lupon na binubuo ng limang tao na hinirang ng gobernador. Ikaw ay mayroong 30 araw mula sa petsa ng desisyon ng tagahatol para ihain ang apela na ito. Maaari mong i-fax ang iyong apela sa itinalagang numero ng fax sa Desisyon ng iyong Administrative Law Judge o ihain ang iyong apela sa isang tanggapan ng IDES.
5. Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa desisyon ng Board of Review, maaari kang maghain ng apela sa Circuit Court ng county kung saan ka nakatira kung ikaw ay nakatira sa Illinois o sa Circuit Court ng Cook County kung ikaw ay nakatira sa ibang estado. Hindi ka kakailanganing magbayad ng mga gastos sa hukuman. Gayunpaman, maaaring kailanganin mong magbayad para sa serbisyo ng isang patawag at para sa isang transcript ng rekord.

**Magpatuloy sa pagpapatunay kada dalawang linggo kung nakabinbin ang iyong apela at hangga't nananatili kang walang trabaho.** Kung ang pinal na desisyon ay pabor sa iyo, maaari kang mabayaran ng mga benepisyo para lamang sa mga linggong napatunayan mo at natugunan ang lahat ng kinakailangan sa pagiging kwalipikado.

## Mga Karapatan ng Employer sa Pag-apela

Kapag ikaw ay naghain ng iyong unang claim para sa mga benepisyo, ang iyong huling employer at, sa ilang mga pagkakataon, ang ibang mga dating employer ay aabisuhan. Sila ay may karapatan na magsumite ng impormasyon sa IDES sa iyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo. Kung ang impormasyong ito ay ibinigay sa loob ng tinukoy na yugto ng panahon, ang isang employer ay may karapatan sa ilalim ng batas ng Illinois na iapela ang desisyon na nagpapahintulot sa iyong mga benepisyo.

Ang mga benepisyo ay babayaran sa iyo sa pagpapasiya na nagpapahintulot sa iyong mga benepisyo kahit na ang employer ay nag-apela. Kung ang employer ay nanalo sa apela, at pinaniniwalaan ng tagahatol na ang mga benepisyo ay hindi dapat binayaran sa iyo, ang isang aksyon ay isasagawa upang mabawi ang mga benepisyong iyon. Dahil hihilingin sa iyo na ibalik ang anumang mga benepisyong natanggap dahil sa pagkakamali, mahalaga na ikaw ay dumalo sa pagdinig ng tagahatol sa apela ng employer upang ipresenta ang iyong panig sa kaso.

Kung nag-apela ang isang employer, ikaw ay aabisuhan tungkol sa petsa at oras ng pagdinig.

## Paano Tinutukoy ang Iyong Mga Benepisyo

Ang petsa ng pagkabisa ng iyong unang balidong claim ay ang simula ng iyong taon ng benepisyo. Ito ay karaniwang Linggo ng linggo kung saan una mong inihain ang iyong claim. Ang iyong taon ng benepisyo ay ang buong taon na magsisimula sa petsang iyon. Halimbawa, kung ang petsa ng iyong balidong claim ay ika-15 ng Marso, magpapatuloy ang iyong taon ng benepisyo hanggang sa ika-14 ng Marso ng susunod na taon.

Ang iyong lingguhang mga benepisyo at ang kabuuang halaga ng mga benepisyo na maaaring bayaran sa iyo sa panahon ng iyong taon ng benepisyo ay nakasalalay sa halaga ng mga sahod para sa naka-insure na trabaho na ibinayad sa iyo sa panahon ng iyong base period.

## Ang Iyong Base Period

Ang **standard o regular na base period** ay binubuo ng unang apat ng huling limang nakumpletong quarter bago ang simula ng iyong taon ng benepisyo. Mayroong apat na quarter: Enero–Marso, Abril–Hunyo, Hulyo–Setyembre, at Oktubre–Disyembre.

| Kung ang Iyong Taon ng Benepisyo ay Magsisimula sa: | Ang Iyong Base Period ay Magiging: | Ang Iyong Alternatibong Base Period ay Magiging: |
|---|---|---|
| Ngayong Taon Sa Pagitan Ng: Enero 1 at Marso 31 | Nakaraang Taon Sa Pagitan Ng: Enero 1 at Setyembre 30 at noong nakaraang taon sa pagitan ng Oktubre 1 at Disyembre 31 | Nakaraang Taon Sa Pagitan Ng: Enero 1 at Disyembre 31 |
| Ngayong Taon Sa Pagitan Ng: Abril 1 at Hunyo 30 | Nakaraang Taon Sa Pagitan Ng: Enero 1 at Disyembre 31 | Nakaraang Taon Sa Pagitan Ng: Abril 1 at Disyembre 31 at ngayong taon sa pagitan ng Enero 1 at Marso 31 |
| Ngayong Taon Sa Pagitan Ng: Hulyo 1 at Setyembre 30 | Nakaraang Taon Sa Pagitan Ng: Abril 1 at Disyembre 31 at ngayong taon sa pagitan ng Enero 1 at Marso 31 | Nakaraang Taon Sa Pagitan Ng: Hulyo 1 at Disyembre 31 at ngayong taon sa pagitan ng Enero 1 at Hunyo 30 |
| Ngayong Taon Sa Pagitan Ng: Oktubre 1 at Disyembre 31 | Nakaraang Taon Sa Pagitan Ng: Hulyo 1 at Disyembre 31 at ngayong taon sa pagitan ng Enero 1 at Hunyo 30 | Nakaraang Taon Sa Pagitan Ng: Oktubre 1 at Disyembre 31 at ngayong taon sa pagitan ng Enero 1 at Setyembre 30 |

Gamit ang talahanayan sa itaas: Kung magsisimula ang iyong taon ng benepisyo sa Disyembre ng 2020, ang iyong base period ay ang apat na quarter mula Hulyo 1, 2019, hanggang Hunyo 30, 2020. Maaari kang maghain ng balidong claim at simulan ang iyong taon ng benepisyo sa Disyembre kung, sa panahon ng iyong base period ng Hulyo 1 hanggang Hunyo 30, ikaw ay binayaran ng sahod na di-kukulangin sa $1,600 para sa naka-insure na trabaho, at sa labas ng iyong pinakamataas na quarter ng mga kita ay binayaran ka sa di-kukulangin sa $440 para sa naka-insure na trabaho. Kung

natutugunan mo ang mga kinakailangan sa sahod sa base period at sisimulan ang iyong taon ng benepisyo sa Disyembre, ang iyong lingguhang mga benepisyo at ang kabuuang halaga ng mga benepisyo na maaaring bayaran sa iyo sa panahon ng iyong taon ng benepisyo ay nakasalalay sa halaga ng mga sahod para sa naka-insure na trabaho na ibinayad sa iyo sa panahon ng iyong base period (Hulyo 1, 2019 hanggang Hunyo 30, 2020). Kung ikaw ay ginawaran ng pansamantalang lubusang pagkabaldado sa ilalim ng isang batas sa kompensasyon ng mga manggagawa o iba pang katulad na mga batas, ang iyong base period ay maaaring matukoy sa ibang paraan.

Ang mga walang trabahong indibidwal na kulang sa sapat na sahod upang maging kuwalipikado para sa mga benepisyo gamit ang standard base period ay maaaring maging karapat-dapat sa ilalim ng **alternate base period**. Ang alternate base period ay ang apat na pinakahuling natapos na quarter. Mahalagang tandaan na ang alternate base period ay magagamit lamang kung ikaw ay hindi karapat-dapat sa pananalapi sa ilalim ng standard base period at hindi upang taasan ang halaga ng iyong lingguhang benepisyo. Makipag-ugnayan sa IDES Claimant Services sa (800) 244-5631 para sa karagdagang impormasyon.

## Kabuuang Lingguhang Mga Benepisyo

Ang halaga ng iyong lingguhang benepisyo ay ang halaga ng mga benepisyong babayaran sa iyo para sa anumang linggo sa iyong taon ng benepisyo kung ikaw ay walang trabaho at natutugunan ang lahat ng mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado (maliban kung naubos mo na ang lahat ng iyong mga benepisyo). Ang laki ng halaga ng iyong lingguhang benepisyo ay nakasalalay sa halaga ng sahod para sa naka-insure na trabaho na ibinayad sa iyo sa dalawang quarter ng iyong base period kung saan ang iyong mga sahod ay pinakamataas.

Bilang karagdagan sa halaga ng iyong lingguhang benepisyo, kung ikaw ay mayroong anak na dependiyente o asawang hindi nagtatrabaho, ikaw ay makakatanggap ng karagdagang allowance para sa dependiyente. Ang allowance ng dependiyente, kung mayroon man, kasama ang halaga ng iyong lingguhang benepisyo ay katumbas ng kabuuang halaga na babayaran para sa linggo.

Magkano man ang binayaran sa iyong dalawang pinakamataas na quarter, ang kabuuang halaga na babayaran sa iyo para sa isang linggo ay hindi maaaring lumampas sa maximum na halaga na itinakda ng batas.

Upang kumpirmahin ang pagkalkula ng iyong mga benepisyo, pumunta sa **IDES.Illinois.gov** at hanapin ang “WBA table”.

## Kabuuang Taunang Mga Benepisyo

Ang kabuuang halaga ng mga benepisyo na maaaring bayaran sa iyo sa panahon ng iyong taon ng benepisyo ay 26 beses sa halaga ng iyong lingguhang benepisyo kasama ang allowance para sa mga dependiyente, kung naaangkop.

## Mga Bahagyang Benepisyo–Part-Time na Trabaho

Maaari kang mag-claim ng ilang mga benepisyo sa isang linggo kung ikaw ay nagtatrabaho nang mas mababa kaysa sa full-time dahil sa kakulangan ng trabaho. Ang iyong mga kita para sa linggo ay dapat na mas mababa kaysa sa lingguhang halaga ng benepisyo (hindi kasama ang allowance ng dependiyente) na matatanggap mo kung ikaw ay ganap na walang trabaho para sa linggo.

Dapat mong iulat ang lahat ng iyong mga kita mula sa part-time na trabaho.

## Pagtatantiya ng Bahagyang Benepisyo

Ang mga bahagyang benepisyo ay katumbas ng pagkakaiba sa pagitan ng bahagi ng iyong kita na lumampas sa 50 porsiyento ng halaga ng iyong lingguhang benepisyo at ng halaga ng iyong lingguhang benepisyo para sa lubusang kawalan ng trabaho. Kung ang halaga ng bahagyang benepisyo ay hindi umabot sa buong dolyar, ito ay itataas sa susunod na mas mataas na dolyar, kung hindi ito lalampas sa halaga ng iyong lingguhang benepisyo.

Halimbawa:

**Kung ang iyong lingguhang halaga ng benepisyo (hindi kasama ang dependency allowance) ay......$110.00**
**50% ng halagang iyon ay........$55.00**
**Kung ang iyong kita ay........$76.50**
**Ang halagang lampas sa 50% ng iyong lingguhang halaga ng benepisyo ay........$21.50**
**Ang kaibhan sa pagitan ng iyong lingguhang halaga ng benepisyo.......$110.00**
**At ang halaga ng iyong kita na lumampas sa 50% ng iyong lingguhang halaga ng benepisyo........$21.50**
**Nagbibigay sa iyo ng bahagyang halaga ng benepisyo na........$88.50**
**Itinaas sa susunod na pinakamataas na dolyar........$89.00**

*Tandaan: Ang buong halaga ng holiday o vacation pay ay ikakaltas sa halaga ng iyong lingguhang benepisyo. Gayundin, tandaan na ang anumang allowance ng asawa o dependiyenteng anak ay idaragdag sa iyong WBA pagkatapos ng mga pagkakaltas sa kita.*

## Mga Benepisyo sa Interstate

Kung ikaw ay nanirahan at nagtrabaho sa Illinois, ngunit ngayon ay naninirahan sa ibang lugar, maaari ka pa ring maghain ng claim para sa mga benepisyo sa Illinois. Maaari kang maghain mula sa anumang ibang estado, mula sa Distrito ng Columbia, Puerto Rico, Virgin Islands o Canada.

Ihain ang iyong claim online sa **IDES.Illinois.gov**. Kung kailangan mo ng tulong, tumawag sa IDES Claimant Services sa (800) 244-5631.

Kapag naghain ka ng iyong claim sa Illinois, tutukuyin ng Illinois kung anong mga benepisyo ang matatanggap mo kung ikaw ay kwalipikado. Ang liham tungkol sa iyong claim ay ipapadala sa iyo sa pamamagitan ng koreo. Dapat mong matugunan ang lahat ng mga kinakailangan ng batas ng Illinois saan ka man naghain ng iyong claim, at ang pinal na desisyon sa iyong claim ay gagawin ng Illinois.

Dapat kang magparehistro para sa trabaho sa estado kung saan ka nakatira. Sumangguni sa website ng estadong iyon para sa mga kinakailangan sa pagpaparehistro.

## Claim sa Pinagsamang Sahod

Umiiral ang isang pambansang kaayusan na nagpapahintulot sa iyo, sa ilang partikular na kalagayan, na pagsama-samahin ang mga sahod na iyong kinita sa higit sa isang estado upang ikaw ay maging kwalipikado para sa mga benepisyo o upang madagdagan ang iyong mga benepisyo.

Kung ikaw ay nagtrabaho sa ibang estado sa nakalipas na dalawang taon, kakailanganin mong ibigay ang LAHAT ng iyong impormasyon sa pagtatrabaho, kabilang ang mga address, numero ng telepono, petsa ng pagsisimula at huling araw na nagtrabaho kapag naghahain ng iyong claim upang matukoy kung anong uri ng claim ang pinakamainam para sa iyo.

## Mga Empleyado ng Pamahalaan ng Estados Unidos

Kung ikaw ay nagtrabaho bilang isang sibilyang empleyado ng pederal na pamahalaan sa nakalipas na dalawang taon, maaari kang maging karapat-dapat para sa mga benepisyo sa unemployment insurance batay sa mga pasuweldo ng gobyerno na ibinayad sa iyo.

Maghain ng iyong claim at magparehistro para sa trabaho online sa **IDES.Illinois.gov**. Kung kailangan mo ng tulong, tumawag sa IDES Claimant Services sa (800) 244-5631 o bisitahin ang isang tanggapan ng IDES. Kakailanganin mong magsumite ng mga kopya ng iyong Standard Form 8 at Personnel Action Form 50 o iba pang mga dokumento na nagpapatunay na ikaw ay nagtrabaho para sa pederal na pamahalaan. Ang dokumentasyon ay dapat na i-fax sa IDES Document Processing Unit sa (217) 557-4913, o maaari itong ihatid sa isang tanggapan ng IDES.

Ang mga sahod na ibinayad sa iyo ng pederal na pamahalaan bilang isang sibilyang empleyado ay nagpapakwalipikado sa iyo para sa mga benepisyo sa ilalim ng state unemployment insurance act na parang ang sahod ay binayaran ng isang pribadong employer na nag-aambag sa pondo ng unemployment insurance ng estadong iyon.

Ang pederal na serbisyong sibilyan at mga sahod ay itinalaga sa estado kung saan matatagpuan ang iyong huling opisyal na istasyon ng tungkulin. Gayunpaman, kung ikaw ay may covered employment (ibig sabihin, trabaho kung saan ang iyong employer ay nag-ambag sa pondo ng unemployment insurance) sa isang hindi pederal na employer sa isang estado maliban sa estado kung saan ang iyong huling opisyal na istasyon ng tungkulin ay matatagpuan, ang iyong pederal na serbisyong sibilyan at mga sahod ay itatalaga sa estado kung saan ka nagtrabaho sa hindi pederal na trabaho pagkatapos umalis sa serbisyong pederal. Ang serbisyo at sahod ay itinatalaga sa estado sa tuwing ikaw, kasunod ng iyong paghiwalay mula sa pederal na serbisyong sibilyan, ay magtatatag ng isang claim sa unemployment insurance kung saan ang mga benepisyo ay maaaring bayaran. Ang estadong iyon ay may kontrol sa lahat ng iyong pederal na serbisyong sibilyan at sahod.

Ang lahat ng batas ng estado ay nagbibigay ng karapatang mag-apela sa isang claimant na tinanggihan ng mga benepisyo sa anumang kadahilanan. Sa karamihang mga usapin, ang iyong mga karapatan sa pag-apela ay kapareho ng sa sinumang ibang claimant sa estado. Gayunpaman, itinatadhana ng batas pederal na ang mga pagpapasiya ng pederal na serbisyo at istasyon ng tungkulin na ibinigay ng pederal na ahensiya ay dapat maging konklusibo.

Kung naniniwala kang mali ang impormasyong iniulat ng iyong pederal na ahensya, ikaw ay may karapatan na humiling ng pagsusuri ng ahensyang iyon. Ang mga apela o mga kahilingan para sa muling pagkonsidera ay dapat ipadala sa pamamagitan ng fax sa (217) 557-4913 o gawin sa pinakamalapit na tanggapan ng IDES.

## Mga Beterano ng Militar ng Estados Unidos

Bilang isang dating sundalo, ikaw ay mayroong karapatan sa potensyal na muling pagtatrabaho sa iyong employer bago ang serbisyo. Ang mga aplikasyon para sa muling pagtatrabaho, gayunpaman, ay dapat na ihain sa loob ng isang takdang yugto ng panahon pagkatapos makumpleto ang serbisyo militar. Kung kailangan mo ng karagdagang tulong tungkol sa proteksyon ng mga karapatang ito, makipag-ugnayan sa Veterans Employment and Training Service ng U.S. Department of Labor sa (312) 793-3433.

Kung ikaw ay mayroong aktibong pederal na serbisyo sa sandatahang lakas, maaari kang makatanggap ng mga benepisyo sa unemployment insurance batay sa suweldo at mga allowance na naaangkop sa iyong pay grade sa panahon ng paghiwalay mula sa aktibong serbisyo militar.

Upang maging kwalipikado para sa mga benepisyo sa unemployment insurance, ikaw ay dapat na pinalabas o pinaalis mula sa sandatahang lakas sa marangal na mga kondisyon at, kung ikaw ay isang opisyal, hindi ka dapat nagbitiw para sa ikabubuti ng serbisyo.

Maghain ng iyong claim at magparehistro para sa trabaho online sa **IDES.Illinois.gov**. Kung kailangan mo ng tulong, tumawag sa IDES Claimant Services sa (800) 244-5631 o bisitahin ang pinakamalapit na tanggapan ng IDES. Kakailanganin mong magsumite ng kopya ng iyong DD Form 214. Ang mga kinakailangang dokumentasyon ay dapat na i-fax sa IDES Document Processing Unit sa (217) 557-4913, o maaari itong ihatid sa isang tanggapan ng IDES. Kakailanganin mong iulat ang lahat ng trabahong sibilyan, kung mayroon man, sa nakalipas na dalawang taon.

Ang batas pederal ay nag-aatas na ang serbisyo militar at mga sahod ay italaga sa estado kung saan ka unang naghain ng claim para sa mga benepisyo sa unemployment insurance kasunod ng paghiwalay mula sa aktibong serbisyo militar. Kapag naitalaga na, ang lahat ng pederal na serbisyo militar at sahod ay mananatiling nakatalaga sa estadong iyon.

Ang pagtatalaga ng iyong serbisyo sa militar at mga sahod ay sa Federal Claims Control Center, na pinamamahalaan ng Lockheed Martin Information Technology, upang maiwasan ang anumang pag-uulit ng pagtatalaga ng ibang estado. Ang pag-uulit ng pagtatalaga ng iyong serbisyo at sahod ay magreresulta sa pagkaantala ng pagbabayad sa iyo. Samakatuwid, kung ikaw ay nakapaghain na ng claim (nakatanggap ka man o hindi ng anumang mga benepisyo) sa ibang estado mula nang humiwalay ka sa sandatahang lakas, tiyaking tumugon nang tama sa tanong tungkol sa paghahain sa ibang estado kapag naghahain ng iyong claim online.

Ang iyong mga benepisyo ay batay sa iyong sahod sa militar, na tinutukoy ng isang iskedyul ng kabayaran na itinatag ng Secretary of Labor ng Estados Unidos. Ang iskedyul na ito ay naglalaman ng katumbas ng dolyar na pinaghiwa-hiwalay sa pang-araw-araw, lingguhan, at buwanang mga rate para sa bawat pay grade sa sandatahang lakas. Ang iyong pay grade sa panahon ng paghiwalay mula sa aktibong tungkulin ang tutukoy sa halaga ng iyong benepisyo.

Ang iyong mga karapatan sa benepisyo ay tutukuyin ng batas ng estado kung saan ka unang naghain ng claim para sa unemployment insurance at nagtatag ng isang taon ng benepisyo pagkatapos ng iyong huling paghiwalay sa aktibong serbisyo militar. Upang magtatag ng isang taon ng benepisyo, ikaw ay dapat na mayroong isang takdang dami ng aktibong serbisyo sa sandatahang lakas sa loob ng base period na naaangkop sa taon ng benepisyong iyon (tingnan ang pahina 14). Kung ang iyong unang claim na nagtatatag ng isang taon ng benepisyo ay inihain sa Illinois, ikaw ay dapat na sumunod sa lahat ng mga kinakailangan ng batas ng Illinois. Bilang karagdagan, sinasabi ng batas pederal na ang iyong mga benepisyo ay hindi maaaring magsimula sa panahon kung saan ikaw ay tumatanggap ng federal subsistence allowance sa ilalim ng Vocational Rehabilitation Act o tulong pang-edukasyon sa ilalim ng War Orphans' and Widows' Educational Assistance Act.

Ang lahat ng mga batas ng estado sa unemployment insurance ay nagbibigay ng karapatang mag-apela sa isang tao na tinanggihan ng mga benepisyo sa anumang kadahilanan. Sa karamihang mga usapin, ang iyong mga karapatan sa pag-apela ay kapareho ng sa sinumang ibang claimant sa iyong estado. Gayunpaman, itinatadhana ng batas pederal na ang pagtukoy ng naaangkop na ahensya ng pederal sa iyong aktibong serbisyo militar, sa iyong pay grade sa panahon ng paglabas o pag-alis mula sa aktibong serbisyo militar at ang uri ng pagpapalabas o pagpapaalis na natanggap mo mula sa naturang serbisyo ay dapat na pinal at konklusibo. Kung naniniwala kang mali ang impormasyon sa iyong dokumento sa paghihiwalay, maaari kang humingi ng pagsusuri ng naaangkop na ahensyang pederal.

Ang mga apela o kahilingan para sa muling pagkonsidera ay maaaring i-fax sa itinalagang numero ng fax sa iyong Determinasyon o Desisyon o ihain sa pinakamalapit na tanggapan ng IDES.

## Mga Benepisyo sa Trade Assistance

Ang mga manggagawang nawalan ng trabaho o nakakaranas ng nabawasang oras ng trabaho at sahod bilang resulta ng pagtaas ng import o paglipat ng kanilang mga trabaho sa ibang bansa ay maaaring maging kwalipikado para sa mga karagdagang benepisyo sa ilalim ng Trade Adjustment Assistance Act ng 2002, 2009, 2011, 2015, o 2021. (Ang grupo ng manggagawa ay dapat na sertipikado bilang karapat-dapat ng pederal na Department of Labor.)

Kabilang sa mga benepisyong pinangangasiwaan ng IDES ang suporta sa kita, ang Health Coverage Tax Credit, Alternate Trade Assistance at Reemployment Trade Adjustment Assistance.

Dapat makipag-ugnayan ang mga indibidwal sa IDES Trade Unit sa (217) 785-5792 para sa karagdagang impormasyon.

## Pag-profile at Referral sa Mga Serbisyo sa Muling Pagtatrabaho

Alinsunod sa batas pederal, ang lahat ng claimant ng unemployment insurance ay pinoprofile, batay sa iba't ibang katangiang nauugnay sa trabaho, upang matukoy ang posibilidad na maubos nila ang kanilang mga benepisyo at maaaring mangailangan ng karagdagang tulong sa paghahanap ng trabaho. Ang mga indibidwal na ito ay maaaring i-refer para sa

mas masinsinang serbisyo sa muling pagtatrabaho. Kabilang sa mga serbisyong ito ang isang personal na pagtatasa ng iyong mga pangangailangan at mga inirerekomendang aktibidad upang mapahusay ang iyong paghahanap ng trabaho, tulad ng pagsusulat ng resume, mga tip sa pakikipanayam at referral sa available na pagsasanay o mga lokal na job club.

Kung ikaw ay ini-refer sa mga serbisyo sa muling pagtatrabaho at tumangging lumahok nang walang magandang dahilan, maaari kang tanggihan ng mga benepisyo hanggang sa sumang-ayon kang lumahok.

## Iulat AGAD ang Iyong Pagbabalik sa Trabaho!

Ang mga employer ay kinakailangang iulat sa IDES ang lahat ng mga bagong tanggap. Ang mga ulat na ito ay ginagamit upang tukuyin ang mga indibidwal na nangongolekta ng mga benepisyo sa unemployment insurance pagkatapos nilang bumalik sa trabaho. Ang hindi pag-ulat ng iyong pagbabalik sa trabaho o lahat ng kabuuang sahod na kinita sa mga linggong sakop ng iyong sertipikasyon ay magreresulta sa labis na pagbabayad ng mga benepisyo at posibleng isang pagtukoy ng pandaraya na magdudulot ng mga linggo ng parusa, paggalaw ng comptroller sa mga pagbabayad ng estado (tulad ng mga refund sa pang-estadong buwis sa kita at mga pinanalunan sa lottery) at pag-uusig para sa pandaraya sa benepisyo ng estado.

## Mga Pangwakas na Tip para sa Paghahain

Tandaan na gawin ang sumusunod upang matiyak na ang iyong aplikasyon sa unemployment insurance ay maproseso nang maayos.

1. Palaging ibigay ang iyong pangalan, address at Social Security number o Claimant ID sa tuwing ikaw ay nakikipag-ugnayan sa kawani ng IDES.
2. Magpatunay sa iyong itinalagang araw.
3. Patuloy na magpatunay kahit na isinasagawa ang isang panayam sa pagiging kwalipikado o pagdinig sa apela.
4. Maging available sa oras ng anumang nakaiskedyul na panayam sa telepono.
5. Maging matiyaga sa paghihintay sa iyong unang pagbabayad ng benepisyo. Ang IDES ay nagbabayad ng mga benepisyo sa isang napapanahong paraan. Pagkatapos noon, dapat mangyari ang mga pagbabayad sa benepisyo bawat dalawang linggo, hangga't nagagawa mong patunayan ang iyong claim sa iyong itinalagang araw.

## Ang Mga Benepisyo ay Maaaring Mabuwisan

Ang iyong mga benepisyo sa unemployment insurance ay maaaring ganap na mabubuwisan sa iyong pang-estado at pederal na income tax returns. Ang Tax Reform Act ng 1986 ay nag-amyenda sa batas upang gawing nabubuwisan ang mga benepisyo sa unemployment insurance kung kailangan mong maghain ng pang-estado o pederal na tax return. Maaari mong piliin na ikaltas at kunin ang mga buwis sa kita ng pederal at/o Estado ng Illinois mula sa iyong mga benepisyo sa unemployment insurance. Ang mga pagkakaltas ay ginagawa sa mga itinakdang antas: 10% para sa pederal na buwis sa kita at 4.95% para sa pang-estadong buwis sa kita.

Kung hindi mo pipiliin na ikaltas at kunin ang mga buwis sa kita ng pederal at/o Estado ng Illinois mula sa iyong mga benepisyo sa unemployment insurance, ikaw ay maaaring kailanganin na gumawa ng mga tinantyang pagbabayad ng buwis gamit ang Internal Revenue Service Form 1040ES at ang Illinois Department of Revenue form, IL 1040ES. Ikaw ay bibigyan ng IDES ng IRS Form 1099-G, isang pahayag ng mga benepisyong ibinayad sa iyo sa katapusan ng bawat taon.

Kung pipiliin mong ikaltas at kunin ang mga buwis sa kita ng pederal at/o Estado ng Illinois mula sa iyong mga benepisyo sa unemployment insurance, ipapakita ng Form 1099-G ang kabuuang halaga na ikinaltas at kinuha para sa taong iyon. Ang Internal Revenue Service at Illinois Revenue Department ay mabibigyan ng parehong impormasyon.

## Ang iyong Social Security Number ay Kinakailangan

Hihilingin sa iyo na ibigay ang iyong Social Security number kapag naghahain ng iyong claim online o sa telepono. Ang iyong Social Security number ay hinihingi sa ilalim ng awtoridad ng Internal Revenue Code ng 1986 [26 U.S.C. 85, 6011(a), 6050B at 6109(a)]. Ang pagbubunyag ng iyong Social Security number para sa layuning ito ay ipinag-uutos, at dapat itong ilagay sa mga online na form na iyong isinumite upang makuha ang mga benepisyo sa unemployment insurance.
Ang kawastuhan ng Social Security number na iyong ibinigay ay beberipikahin sa Social Security Administration.

Ang iyong Social Security number ay gagamitin upang iulat ang iyong mga benepisyo sa unemployment insurance sa Internal Revenue Service bilang kita na posibleng mabuwisan. Gagamitin din ito bilang record index para sa pagproseso ng iyong claim para sa mga layuning pang-istatistika at para beripikahin ang iyong pagiging karapat-dapat para sa unemployment insurance at iba pang benepisyo sa pampublikong tulong. ***Kung tatanggihan mong ipaalam ang iyong Social Security number, ang iyong claim para sa unemployment insurance ay hindi mapoproseso.***

## Walang Diskriminasyon

Ang IDES ay isang employer na may pantay na oportunidad at sumusunod sa lahat ng mga pang-estado at pederal na mga batas na walang diskriminasyon sa pangangasiwa ng mga programa nito. Ang mga karagdagang tulong at serbisyo ay available sa mga indibidwal na may mga kapansanan kapag hiniling. Makipag-ugnayan sa iyong IDES office manager o sa IDES Equal Opportunity Officer sa (312) 793-9290 o TTY (888) 340-1007.

**Claimant Services:**
TTY: (866) 488-4016
Voice: (800) 244-5631

**Tele-Serve:**
Voice: (312) 338-4337

**Illinois Relay Service:**
TTY: (800) 526-0844 o 711
Voice: (800) 526-0857 o 711

Inilimbag sa pamamagitan ng Awtoridad ng Estado ng Illinois Rev. 5/22